

19. Sino ang maaaring maghain ng petisyon para sa pardon na may kondisyon?

Ang bilanggong nagdusa na ng kahit kalahati (1/2) man lamang ng maksimum na panahon ng original indeterminate at/o tiyak na panahon ng pagkabilanggo.

20. Sino ang maaaring magkaloob ng pagpapababa ng hatol at pardon?

Ang Pangulo ng Filipinas.

21. Sino ang maaaring maghain ng petisyon para sa pagpapababa ng hatol?

Maaaring pag-aralan ng Board ang petisyon ng bilanggo para sa pagpapababa ng hatol kung natugunan ang sumusunod na mga minimum na kahingian:

- Isang-katlo (1/3) man lamang ng tiyak na pagkabilanggo o kabuoang panahon ng pagkabilanggo.
- Kalahati (1/2) man lamang ng minimum ng walang katiyakang pagkabilanggo o kabuoang minimum ng walang katiyakang panahon ng pagkabilanggo;
- Sampung (10) taón man lamang para sa mga bilanggong nahatulan ng isang (1) Reclusion Perpetua o isang (1) habambuhay na pagkabilanggo, para sa mga krimen/pagkakasala na hindi maparurusahan sa ilalim ng Batas Republika Blg. 7659 at ibang mga natatanging batas.
- Labintatlong (13) taón man lamang, para sa mga bilanggo na ang walang katiyakang pagkabilanggo at/o tiyak na panahon ng pagkabilanggo na apatnapung (40) taón alinsunod sa mga tadhana ng Artikulo 70 ng Binagong Kodigong Penal, gaya ng pagkakasog;
- Labinlimang (15) taón man lamang para sa mga bilanggong nahatulang nagkasala ng mga kahindik-hindik na krimen na gaya ng tiniyak sa Batas Republika Blg. 7659, na nagawa noon o pagkaraan ng 1 Enero 1994 at hinatulan ng isang (1) Reclusion Perpetua o isang (1) habambuhay na pagkabilanggo;

- Mga labinwalong (18) taón man lamang para sa mga bilanggong nahatulan ng Reclusion Perpetua o habambuhay na pagkabilanggo sa paglabag ng RA 6495, gaya ng pagkakasog, na kilala rin bilang "The Dangerous Drugs Act of 1972", o RA 9165, na kilala rin bilang "The Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002", at sa kidnapping for ransom, o paglabag ng mga batas sa terorismo, pandarambong, at mga krimeng transnasyonal;
- Mga dalawampung (20) taón man lamang, para sa mga bilanggo na nahatulan ng dalawa (2) o mahigit pa na Reclusion Perpetua o habambuhay na pagkabilanggo kahit na ang kanilang mga hatol ay ginawang tiyak na panahon ng pagkabilanggo na apatnapung (40) taón alinsunod sa mga tadhana ng Artikulo 70 ng Binagong Kodigong Penal, gaya ng pagkakasog;
- Mga dalawampu't limang (25) taón man lamang para sa mga bilanggo na orihinal na hinatulan ng parusang kamatayan subalit awtomatikong napababa sa Reclusion Perpetua o habambuhay na pagkabilanggo.

22. Sino ang maaaring maghain ng ABSOLUTE PARDON?

Maaaring maghain ang isang tao ng petisyon para sa absolute pardon kung ang maksimum na hatol ay napagdusahan na o di kaya'y napagkalooban ng pinal na paglaya o tinapos na ng hukuman ang probasyon.

23. Ang isang bilanggo ba na pinalaya sa pamamagitan ng parole o conditional pardon na may mga kondisyong parole ay inilalagay sa ilalim ng pamamahala?

Oo. Ang bilanggo ay sasailalim sa supervisyon ng isang opisyal sa probasyon at parole.

*Kung kayo po ay may katanungan o nais na paglilinaw, sumulat po lamang sa:*

Ang Tagapamahala  
Pangasiwaan sa Parole at Probasyon  
Ika-2/P DOJ Agencies Building  
NIA Road kanto ng East Avenue  
Diliman 1100 Lungsod Quezon

*Maaari din pong tumawag sa mga sumusunod na mga bilang ng telepono:*

Telepono: (02) 927-6826 / 927-0004  
Telefax: (02) 928-0235 / 929-1424

*Puwede rin po kayong magpadala ng email sa:*

probation.info@gmail.com

*Ang polyetong ito ay opisyal na isinalin ng Komisyon sa Wikang Filipino*



Ang polyetong ito ay inilathatla ng:

SEKSIYON NG IMPORMASYONG PUBLIKO  
Pangasiwaan sa Parole at Probasyon  
Ika-2/P DOJ Agencies Building  
NIA Road kanto ng East Avenue  
Diliman 1100 Lungsod Quezon

Telepono: (02) 927-0004  
Email: probation.info@gmail.com

Republika ng Pilipinas  
Kagawaran ng Katarungan  
PANGASIWAAN SA PAROLE AT PROBASYON



Pagsasalba ng buhay...  
Pagpapanumbalik ng ugnayan...

Probasyon  
Parole at  
Pagpapatawad ng Pangulo

*Salig sa Atas ng Pangulo Bilang 968 (ayon sa pagkasog), Indeterminate Sentence Law (Act No. 4103), at Saligang Batas ng 1987*



@ProbationOfficialPH



http://probation.gov.ph

# PROBASYON, PAROLE, AT PAGPAPATAWAD NG PANGULO

## 1. Ano ang PROBASYON?

Sa pamamagitan ng probasyon, ang isang taong nahatulang nagkasala ng isang krimen ay hindi ipinabilanggo ng hukumannag hahatol. Sa halip, ang taong nahatulang nagkasala ay pinalalaya sa ilalim ng pangangasiwa ng isang opisyal sa probasyon, na dapat sumailalim sa mga kondisyong maaaring ipataw ng hukuman.

## 2. Isang karapatan ba ang probasyon?

Hindi. Ito ay isang pribilehiyo.

## 3. Sino ang maaring humiling ng probasyon?

Ang sinumang nahatulang nagkasala sa unang pagkakataon na mahigit sa labimpitong (17) taóng gulang at hindi deskwalipikado.

## 4. Sino ang hindi maaring pagkalooban ng probasyon?

- Yaong mga nahatulan ng pinakamatagal na panahon ng pagkakabilanggong mahigit sa anim (6) na taon;
- Yaong mga nahatulang nagkasala ng anumang krimen laban sa pambansang seguridad;
- Yaong mga dati nang nahatulan sa pamamagitan ng isang pinal na hatol sa pagkakasalang may parusa na pagkabilanggong mahigit sa anim (6) na buwan at isang (1) araw at/o multa na mahigit sa isang libong (Php 1,000.00) piso;
- Yaong mga minsan nang napagkalooban ng probasyon sa ilalim ng mga tadhana ng Atas na ito; at
- Yaong mga nakabilanggo na noong isinasakatuparan na ang mga mahahalagang tadhana ng Atas batay sa Seksiyon 33 niyon.

## 5. Awtomatiko bang ipinagkaloob ang probasyon sa taong nahatulan ng pagkabilanggo na anim (6) na taon o mababa pa rito?

Hindi. Maaaring hindi ito ipagkaloob ng hukuman kung:

- Higit na makabubuti sa kaniyang pagbabago ang mabilanggo;
- May panganib na makagawa ng iba pang krimen ang nagkasala;
- Mapabababa ng probasyon ang bigat ng nagawang krimen.

## 6. Saan at kailan maaaring ihain ang aplikasyon sa probasyon?

Ang kahilingan ay dapat ihain anumang oras sa hukumannag naglitis at humatol sa taong nagkasala, subalit dapat ay sa loob ng 15 araw pagkaraang mapatunayang nagkasala at igawad ang hatol.

## 7. Maaari bang mag-apply ng probasyon ang isang akusado sa magkasamang paglilitis kahit na inaapela ang hatol ng pagkakasala ng isang kapwa akusado?

Oo. Sa isang kasong kinasasangkutan ng maraming nasasakdal na ang iba ay nagpatuloy pa sa pag-aapela, ang ibang mga nasasakdal na hindi na umapela ay maaaring humiling ng probasyon sa pamamagitan ng pagsusumite ng nakasulat na aplikasyon at paglalakip dito ng pinatotohanang tunay na sipi ng hatol ng parusang inilapat.

## 8. Ano ang mangyayari kung hindi ipinagkaloob ang kahilingan sa probasyon?

Ang nagkasala ay ipabilanggo ng hukumannag hahatol.

## 9. Maaari bang pakawalan ang taong nagkasala habang nakabinbin ang aplikasyon para sa probasyon?

Oo. Ang humiling ng probasyon ay maaaring pansamantalang palayain nang may piyansang inihain sa kasong kriminal, o nang may panagot (isang responsableng mamamayan ng komunidad).

## 10. Gaano katagal ang panahon ng probasyon?

Hindi hihigit sa dalawang (2) taón kung ang hatol sa nagkasala ay isang (1) taón o mababa; at hindi hihigit sa anim (6) na taón kung ang hatol ay mahigit sa isang (1) taón.

## 11. Ilang ulit maaaring pagkalooban ng probasyon ang isang tao?

Minsan lamang.

## 12. Ano-anong mga kondisyon ang ipinapataw ng hukuman sa isang nagkasalang pinalabas ng bilangguan dahil sa probasyon?

- Mag-ulat sa opisyal sa probasyon sa loob ng pitumpu't dalawang (72) oras pagkaraang matanggap ang kautusan ng hukumannag kakaloob ng probasyon;
- Mag-ulat sa opisyal sa probasyon kahit minsan man lamang sa isang buwan;
- Hindi dapat makagawa ng ibang pagkakasala habang nasa probasyon;
- Tumupad sa anumang iba pang kondisyong ipinataw ng hukuman.

## 13. Ano ang mangyayari kung lumabag ang taong nasa ilalim ng probasyon sa mga kondisyon nito?

Maaaring baguhin ng hukuman ang mga kondisyon ng probasyon o ipawalang-bisa ito. Kung mabigat ang paglabag, maaaring iutos ng hukuman sa taong nasa ilalim ng probasyon na pagdusahan ang hatol. Maaari din siyang arestuhin at usigin sa krimeng nagawa kung ang paglabag ay pagkakasalang kriminal.

## 14. Ano ang PAROLE?

Ito ang pagpapalaya nang may kondisyon sa isang bilanggo mula sa institusyong koreksiyonal pagkaraang mapagdusahan ang minimum na panahon ng hatol sa pagkabilanggo.

## 15. Sino ang hindi maaaring pagkalooban ng parole?

Sa kalahatan, yaong mga nasentensiyahan sa termino ng pagkakabilanggo na isang (1) taón o mababa pa, o straight penalty, o hatol na walang minimum na panahon ng pagkakabilanggo.

## 16. Sino ang maaaring magkaloob ng parole sa isang bilanggo?

Ang Board ng Pardon at Parole – isang ahensiyang sakop ng Tanggapan ng Kalihim ng Katarungan.

## 17. Kailan maaaring pagkalooban ng parole ang isang bilanggo?

Kailanma't napatunayan ng Board of Pardons and Parole na may makatuwirang probabilidad na, kung pinalabas ang bilanggo, siya ay susunod sa batas at na ang pagpapalaya ay hindi magiging hadlang sa kapakinabangan at kagalingan ng lipunan.

## 18. Ano ang mangyayari kung lumabag ang isang parolado sa mga kondisyon ng parole?

Ang taong parolado ay darakpin at ibabalik sa bilangguan upang tapusin ang hindi napagsilbihang bahagi ng maksimum na panahon ng sentensiya.

